**CITY OF LONG BEACH**
**PANUKALANG-BATAS SA BUWIS NG MGA GUMAGAMIT NG UTILITY (PANUKALANG-BATAS LB)**

FAQ SHEET

1. **Ano ang ipinapanukala?**

   - Sa Panukalang-batas "LB", dalawang planta ng koryente na pinagagana ng likas na gas at pinatatakbo sa City of Long Beach ang aatasang magbayad ng kaparehong limang (5) porsiyento ng buwis na ipinapataw sa mga gumagamit ng utility para sa serbisyo ng likas na gas tulad lang ng iba pang mga residente at negosyo sa City of Long Beach. Ang dalawang planta ng koryente ay pagmamay-ari at pinatatakbo ng AES (na dating kilala bilang Applied Energy Services) at ng Kagawaran ng Tubig at Koryente ng Los Angeles (Los Angeles Department of Water and Power, LADWP).

2. **Magkano ang kikitain sa buwis mula sa Panukalang-batas LB?**

   - Tinatantiya ng Lungsod na makagagawa ang Panukalang-batas LB ng tinatayang $15 milyong kita mula sa Buwis ng mga Gumagamit ng Utility kada taon, nang tig-$7.5 milyon ang AES at LADWP, pero puwedeng mapansing tumaas o bumaba pa ang bilang na ito, depende sa mga presyo ng likas na gas at pagkonsumo ng gas ng dalawang planta ng koryente.

3. **Paano nito maaapektuhan ang badyet ng City of Long Beach?**

   - Sa proseso ng badyet para sa Taon ng Pananalapi na 2025, nag-ulat ang kawani ng Lungsod ng $61.5 kakulangang estruktural na tinatantiya hanggang sa Taon ng Pananalapi na 2030. Kapag nadagdagan ng tinatayang $15 milyong taunang kita ang Pangkalahatang Pondo, maipagpapatuloy ang mga pangkalahatang serbisyo ng lungsod, kabilang na rito ang pagresponde sa 911, mga tauhang bombero/paramediko, pagkukumpuni ng pothole/lansangan, pagsasaayos ng mga daluyan ng tubig-bagyo, mga programa pagkatapos ng pasok sa paaralan, serbisyo para sa mga nakatatanda, mga liwasan, aklatan, serbisyo para sa kalusugan ng publiko at mga walang tirahan, bukod sa iba pa. Kung walang karagdagang kita, malaki ang posibilidad na bawasan ang mga serbisyo at programa na maaaring maging permanente kung walang bagong mapanggagalingan ng kita.

4. **Paano maaapektuhan ang aking bayarin sa utility kapag wala nang eksempsiyon sa buwis?**

   - Wala sa alinman sa dalawang planta ng koryente ang direktang nagbibigay ng pang-araw-araw na koryente sa mga residente at negosyo sa Long Beach. Ang planta ng LADWP ay eksklusibong nagbibigay ng koryente sa City of Los Angeles, at wala itong magiging epekto sa mga residente at negosyo ng Long Beach. Ang mga pagpapatakbo at pakikipag-ugnayan sa mga kostumer ng AES ay impormasyong pinagmamay-arian, kaya't nagsaliksik lang ang mga kawani ng impormasyong bukas sa publiko, at ayon dito, pinaniniwalaan na nagbibigay ng koryente ang planta ng AES

sa Southern California Edison at sa Kagawaran ng Yamang-tubig ng California. Pinaniniwalaan na kasalukuyang inihahati-hati ng Southern California Edison ang gastos sa koryente sa lahat ng nauugnay na account kabilang na rito ang mga account ng mga residente ng Long Beach. Tinatantiya ng mga kawani ng Lungsod na sa paghahati-hati sa gastos sa panukalang buwis sa AES sa lahat ng 15 milyong kostumer ng Southern California Edison, ang resulta ay tinatayang hindi hihigit sa $0.50 kada taon per capita, na marahil ay mas mababa pa dahil sa pagkonsumo at pagbebenta ng koryente ng Kagawaran ng Yamang-tubig ng California. Sakaling maipasa ang panukalang-batas na ito, at kung hihilingin ng Southern California Edison, puwedeng ipahati-hati lang ng Komisyon sa Mga Pampublikong Utility ng California ang gastos sa mga kostumer ng Long Beach, na masidhing tututulan ng City of Long Beach. Upang makapagbasa pa tungkol sa posibleng kahihinatnang iyon o karagdagang impormasyon tungkol sa posibleng epekto sa pananalapi, tingnan ang ulat ng mga kawani ng Lungsod DITO.

**5. Nakapagbayad na ba dati ng ganitong buwis ang ibang mga planta ng koryente sa Long Beach?**

- Oo. Noong pinatatakbo pa ang kamakailang nagsarang plantang Waste-To-Energy, nagbayad ito ng limang (5) porsiyentong buwis sa gas na ginamit nito sa loob ng mahigit 35 taon, na nakapaghatid ng pondo upang maibigay ang mga serbisyo sa komunidad ng Long Beach. Ang planta ng koryente na nagbibigay ng direktang koryente sa mga operasyon ng langis sa Lungsod ay kasalukuyan ding nagbabayad ng limang (5) porsiyentong buwis.

**6. Isinaalang-alang ba muna ng City of Long Beach ang anupamang ibang panukalang-batas bago ito ipinanukala sa mga botante?**

- Oo. Siniyasat ng Lungsod ang apat na iba't ibang panukalang-batas na makaaapekto sa mga residente sa iba't ibang paraan. Sa huli, nagpasya ang Sangguniang Panlungsod na ipagpatuloy lang ang panukalang-batas na ito, dahil napagpasyahang ito ang may pinakakaunting epekto sa mga residente at negosyo ng Long Beach mula sa apat na isinaalang-alang. Para sa iba pang impormasyon, pakitingnan ang ulat ng Lungsod DITO.

**7. Bakit aalisin pa ngayon ang eksempsiyon?**

- Nang inalis ang regulasyon sa industriya ng elektrisidad sa California noong huling bahagi ng 1990's, ibinenta ng SCE ang planta ng koryente ng Alamitos sa isang pribadong entidad, na AES. Ang AES ay mayroong kakayahang ibenta ang elektrisidad na naidudulot ng planta ng koryente sa anumang entidad na piliin ito. Sa kabila ng pundamental na pagbabagong ito sa pagmamay-ari at pagbebenta ng elektrisidad mula sa planta ng koryente, hindi hinangad ng City of Long Beach na alisin ang eksempsiyon sa planta ng koryente mula sa pagbabayad ng buwis na ipinapataw sa mga gumagamit ng utility. Bagaman patuloy na nagbabayad nang patas ang mga residente at negosyo sa Long Beach, at ang iba pang mga planta ng koryente sa Long Beach, ng buwis na ipinapataw sa mga gumagamit ng utility batay sa kanilang

pagkonsumo ng likas na gas, patuloy namang nakikinabang sa eksempsiyong ito ang mga planta ng koryente na pagmamay-ari ng AES at LADWP. Ito ay sa kabila ng patuloy na pagtitiis ng mga residente at negosyo sa Long Beach sa mga epekto sa kapaligiran ng pagkakaroon ng dalawang pinakamalaking planta ng koryente sa loob ng lungsod na nagbibigay ng koryente sa rehiyon, hindi lang sa Long Beach, sa nakalipas na 60-70 taon. Ipinadadala ng planta ng koryente ng AES ang elektrisidad nito sa grid, kung saan ipinamamahagi naman ito ng SCE sa lahat ng 15 milyong residente at negosyo sa lugar na pinagseserbisyuhan nito. Ipinadadala ng planta ng koryente ng LADWP ang elektrisidad nito sa 4 na milyong residente at negosyo sa lugar na pinagseserbisyuhan nito, at wala sa mga ito ang naninirahan sa Long Beach.

**8. Ano ang layunin sa likod ng pagdaragdag ng "mga nakaayong pag-emyenda" sa ordinansa ng buwis sa mga gumagamit ng utility?**

- Ang maraming pagbabago sa ordinansa ng buwis na ipinapataw sa mga gumagamit ng utility na gas sa mga nakalipas na dekada ay posibleng dahilan kung bakit nakalilito ang Kodigo Munisipal ng Long Beach. Halimbawa, ang mga kasalukuyang rate ng buwis na ipinapataw sa mga gumagamit ng utility ay lumalabas sa umpisa ng ordinansa, pero ang mga luma at hindi na napapanahong rate ng buwis ay lumalabas pa rin sa huling bahagi ng ordinansa. Teknikal ang katangian ng mga nakaayong pag-emyenda, at lilinawin nito ang anumang posibleng pagkalito.

**9. Paano nito eemyendahan ang Kodigo Munisipal ng Long Beach?**

- Eemyendahan ng Panukalang-batas LB ang Kodigo Munisipal ng Long Beach (LBMC) sa dalawang paraan:
    - Alisin ang eksempsiyon para sa "mga pagsingil na ginawa para sa gas na gagamitin sa pagpapalabas ng elektrikal na enerhiya ng isang elektrikal na korporasyon o ahensiya ng pamahalaan". Magbabago ang umiiral nang batas kapag inalis ang eksempsiyong ito, na kasalukuyang ipinapataw lang sa dalawang planta ng elektrisidad na pinagagana ng likas na gas sa Long Beach at mag-aatas ng kabayarang limang porsiyentong (5%) buwis sa mga gumagamit ng utility para sa dalawang planta ng koryente na ito.
    - Magdagdag ng mga nakaayong pag-emyenda na nakaalinsunod sa sumasaklaw na limang porsiyentong (5%) rate ng Buwis sa Gumagamit ng Utility na Gas na nakatakda sa Kodigo Munisipal ng Long Beach na resulta ng pag-aproba ng mga botante sa Panukalang-batas J noong 2000.

**10. Mayroon bang takdang petsa kung kailan tatapusin ang pag-aalis ng eksempsiyon sa buwis?**

- Wala. Kung aaprobahan ng mga botante ang Panukalang-batas LB sa Nobyembre, permanenteng aalisin ang eksempsiyon sa buwis maliban kung at hanggang sa magsabalota ng bagong panukalang-batas na gagawa ng eksempsiyon sa pagbabayad ng buwis na ito, na ipapasa ng mga botante.